
3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Natatanging Kakayahan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Natatanging Kakayahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Helen Grace A. Navaja

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Jocelyn E. Oyog

**Tagasuri:** Alejandre S. Fernandez Jr., Alemer O. Veloso
Chomadith Loian J. Hechanova, Jeneth D. Tabungar, Edwin C. Pameroyan
Edgardo D. Pamugas III

**Tagaguhit:** Joseph C. Joseph

**Tagalapat:** Daryl L. Escobar, Marco R. Abellon

**Tagapamahala:** Allan. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 1: Natatanging Kakayahan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa ating pagtitiwala sa sarili. Maingat at mabusisi na ginawa ang bawat detalye o laman ng modyul na ito para sa ating mga mag-aaral upang lubusang maintindihan ang pagkakaiba ng bawat tao.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito inaasahang maipapamalas:

1. Nakatutukoy ng natatanging kakayahan (EsP3PKP-Ia-13).

## *Subukin*

Sagutin ang mga tanong at isulat ito sa isang malinis na papel.

Gumawa ng isang sanaysay tungkol sa iyong sarili at talento. Ang mga tanong sa ibaba ang magsisilbi mong gabay para makabuo ka ng isang sanaysay tungkol sa iyong sarili.

1. Ano ang iyong pangalan, edad, bilang at baitang? Sino ang iyong mga magulang? Saan ka nakatira?
2. Ano ang iyong mga talento, hilig, at interes na ginagawa sa araw-araw?
3. Ano-ano ang iyong nadarama habang ginagawa mo ang iyong hilig o interes?
4. Sa iyong palagay, kanino mo ito namana o nakuha? Bakit?

# Aralin 1 Natatanging Kakayahan

## *Balikan*

Kaya ko, Magagawa ko!

Indibidwal kung tayo'y tawagin. Patunay na tayo ay mayroong pagkakaiba sa lahat ng bagay tulad ng kilos, mga gustong gawin, talento, at abilidad. Bilang isang tao hindi lahat ng mayroon ka ay naangkin din ng kapuwa-tao natin. Ito ay palatandaan ng ating pagkakaiba-iba. Unti-unti ay ating nakikilala at nalalaman ang mga talento, kakayahan at abilidad na mayroon tayo bilang isang indibidwal. Ang kailangan lang ay pagtitiwala at pagpapahalaga sa sarili at sanayin ang mga bagay na gusto nating gawin.

Ang talento at kakayahan ay biyaya ng Diyos kaya dapat natin itong pagyamanin, gamitin sa araw-araw, at ibahagi sa ibang tao. Bilang isang bata dapat, tuklasin at pagyamanin mo ang iyong talento at kakayahan. Bagama't mayroong pagkakataon na ikaw ay naguguluhan sa iyong sarili kung ano ba talaga ang iyong kakayahan at talento, huwag kang malungkot dahil maaaring ikaw ay kabilang sa tinatawag na **Late Bloomer** (isang tao na ang mga talento o kakayahan ay hindi kaagad nakikita o naipamamalas kumpara sa karaniwan).

Mahalaga na kapag iyong matuklasan ang iyong talento at kakayahan, agad na ito ay pagyamanin sa pamamagitan ng pagsasanay nito sa araw-araw. Ito ay regalo mula sa Diyos kaya dapat itong ibahagi sa ibang tao upang mas yumabong pa.

# Tuklasin


Gawain 1

Panuto: Suriin ang mga larawan na nasa bawat kahon.


A.



B.



C.



Gawain 2

Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel.

Obserbasyon

1. Sino-sino ang nasa larawan?
2. Sa palagay mo, magkasing edad ba kayo?
3. Ano-ano ang pagkakapareho at pagkakaiba ng bawat larawan?

Repleksyon

4. Alin sa mga larawan ang kaya mong gawin?
5. Kung ikaw ay guguhit ng isang larawan sa iyong kakayahan, alin sa mga ito ang iyong iguguhit? Bakit?

## Suriin

1. Humanap at gumupit ng isang larawan mula sa diyaryo, magasin, o maging sa lumang libro na may pagkakatulad ng iyong mga interes o gustong gawin. Idikit ito sa isang bond paper. Maaari din itong iguhit. Sagutin ang mga tanong sa ibaba bilang gabay mo sa gagawing sanaysay ukol sa larawan na idinikit o iginuhit.

2. Gamitin ang isang malikhaing paglalarawan upang ikumpara ang iyong sariling interes o gustong gawin mula sa larawang pinili at idinikit o iginuhit sa itaas.

   Gabay na tanong:

   A. Ano ang kakayahan na nakikita sa larawan?

   B. Bakit ito ang napili mong larawan o iginuhit na larawan? May pagkakatulad ba ito sa iyong sariling kakayahan?


   C. Ano ang pagkakatulad ng larawan na nasa itaas sa iyong sariling kakayahan o talento?

# Pagyamanin




**Musical**

Ang talentong ito ay nasisiyahan sa paglikha ng musika, pagkanta, o pagtugtog ng instrumento.



**Social Services**

Nasisiyahang tumulong sa ibang tao.



**Clerical**

Nasisiyahang gumawa o maglaro ng gawaing pang-opisina.

Suriin ang bawat larawan at ang sariling gusto, talento at abilidad. Tukuyin kung sa aling larawan nabibilang ang iyong kakayahan. Sagutin ang mga katanungan at isulat sa sagutang papel.

A. 1. Bakit mo nasasabi na ikaw ay nabibilang sa larawan na iyong napili?

2. Madalas mo ba itong ginagawa? Masaya ka ba sa tuwing ginagawa mo ito? Bakit?

B. Isulat ang iyong mga kakayahan sa isang papel gamit ang gabay na tanong. Ano-ano ang kaya kong gawin kapag ako ay nag-iisa?

Ang Aking mga Kakayahan

1.______________________________________________

2.______________________________________________

3.______________________________________________

4.______________________________________________

5.______________________________________________

## Isaisip

Laging tandaan ang mga pagpapahalaga sa ating mga gawain. Ito ay makatutulong para mas maging magaling at produktibo tayo sa araw-araw. Ito ay hindi nangangailangan ng tamang edad, estado sa buhay, o kayamanan.

Kaya sa kahit na anumang gawain, lagi nating isaisip na gawin ito nang tama, buong husay, at matagumpay. Ito ay magbibigay sa atin ng kaligayahan sa puso. Magkakaroon tayo ng silbi sa ating pamilya at sa lipunang ating ginagalawan.

## Isagawa

Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang TAMA kung sa iyong palagay ay wasto ang nakasaad sa pangungusap. Ilagay ang MALI kung sa iyong palagay ay di-wasto ang nakasaad dito.

______1. Ang ating talento at kakayahan ay isang regalo mula sa Diyos.

______2. Dapat na sanayin at linangin ang ating mga natatanging kakayahan at talento araw-araw.

______3. Mahiyain ako kaya ipagsawalang bahala ko na lang ang aking talento at kakayahan.

______4. Hindi ko kayang humarap sa maraming tao kaya hindi na importante ang pagtuklas ng aking talento at kakayahan.

______5. Ang pagpapahalaga sa talento ay isang patunay ng pagmamahal sa sarili at sa Diyos.

# *Tayahin*

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ito ay tumutukoy sa iyong hilig o talento, ekis (X) naman kung ito ay hindi ayon sa iyong hilig at talento. Isulat ito sa sagutang papel.

________1. Tumutugtog ng gitara

________ 2. Naglalaro ng chess

________ 3. Mahilig o magaling sa numero/Matematika

________ 4. Mahusay sa asignaturang Ingles

________ 5. Mahilig o magaling sa pagsasayaw

________ 6. Mahilig sumali sa pagguhit ng poster/slogan

________ 7. Tahimik at mahilig magbasa

________ 8. Mahilig sa pagsusulat ng maikling tula

________ 9. Magaling sa paglalaro ng ball games tulad ng basketball at volleyball

________ 10. Mahilig tumuklas o mag-eksperimento ng mga mahalagang bagay

# Karagdagang Gawain

Basahin at unawain ang bawat katanungan. Piliin ang tamang letra ng sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang talento at kakayahan ay biyaya mula sa _______.
   a. Diyos  c. magulang
   b. kaibigan  d. paaralan
2. Ito ay isang uri ng sitwasyon sa pagdiskubre ng ating kakayahan o talento pagdating natin sa tamang edad o higit pa.
   a. Late bloomer
   b. Exploring stage
   c. Discovery stage
   d. Kabanata ng pagdiskubre ng talento
3. Ang bawat tao ay may pagkakaiba kaya tayo ay tinatawag na ____________.
   a. indibidwal  c. kapuwa-tao
   b. magkahawig  d. kapareho
4. Bakit kailangang tuklasin natin ang ating talento, hilig, at kakayahan sa ating murang edad? Upang ito ay ____________ .
   a. ating maging kalakasan
   b. ating maging kahinaan
   c. ating maipakita sa mga tao
   d. mapaunlad sa pamamagitan ng paggamit nito sa araw-araw
5. Ang pagtuklas ng ating sariling talento at kakayahan sa mga bagay-bagay ay nagpapatunay nang mas malalim na pagkilala sa ating _________.
   a. sarili
   b. kalakasan
   c. kahinaan
   d. kaibahan

# Susi sa Pagwawasto

| Isagawa p.7 | Tayahin p. 8 | Karagdagang gawain p. 9 |
|---|---|---|
| 1.TAMA<br>2.TAMA<br>3.MALI<br>4.MALI<br>5.TAMA | Iwawasto ng guro at ang sagot ay naka depende sa interes at talento ng isang mag-aaral. | 1.a<br>2.a<br>3.a<br>4.d<br>5.a |

# *Sanggunian*

Caraan, Maria Carla M., Victoria V. Ambat, Leah D. Bongat, Rosa Anna A. Canlas, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, Marilou D. Pandiño, Violeta R. Roson, Rubie D. Sajise, Portia R. Soriano. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikatlong Baitang : Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 2-16.

Caraan, Maria Carla M., Victoria V. Ambat, Leah D. Bongat, Rosa Anna A. Canlas, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, Marilou D. Pandiño, Violeta R. Roson, Rubie D. Sajise, Portia R. Soriano. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikatlong Baitang : Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2013, 2-16.

Bognot, Regina Mignon C., Romualdes R. Comia, Sheryll T. Gayola, Marie Aiellen S. Laagrde, Marivic R. Leańo, Eugenia C. Martin, Marie Ann M. Ong, Rheamay T. Paras. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikawalong Baitang: Modyul para sa Mag-aaral.* Unang Edisyon. Edited by Luisita B. Peralta. Pasig City: Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat, 2013, 166-198.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph